# West Nile Virus: Ano Ang Kailangan Ninyong Malaman

Galing sa CDC Factsheet

## Ano ang West Nile Virus?

Ang West Nile Virus ay isang sakit na maaaring maging malubha. Naniniwala ang mga dalubhasa na ang WNV ay isang pana-panahong salot sa Hilagang Amerika na nagsisimula sa tag-init at nagpapatuloy sa taglagas. Itong papel ng dapat malaman ay naglalaman ng mahalagang impormasyon na makakatulong sa inyo na makilala at mapigilan ang West Nile virus.

**Ano ang Sintomas ng WNV?**

Ang WNV ay nakakaapekto sa gitnang sistema ng nerbiyos. Iba-iba ang sintomas.

- **Seryosong Sintomas sa Ilang Tao.** Mga isa sa 150 tao na nahawaan ng WNV ay magkakaroon ng
  matinding sakit. Sa matitinding sintomas ay kabilang ang mataas na lagnat, sakit ng ulo, paninigas ng leeg, pagkatuliro, pagkawala ng pang-unawa, pagkawala ng malay, panginginig, kombulsyon, panghihina ng kalamnan, pagkawala ng paningin, pamamanhid at pagkalumpos. Ang mga sintomas na ito ay maaaring tumagal ng maraming linggo, at mga epektong neurolohikal ay maaaring maging permanente.

- **Banayad na Sintomas sa Ilang Tao.** Hanggang 20 porsiyento ng mga taong nahawaan ay magpapakita ng mga banayad na sintomas, kabilang ang lagnat, sakit ng ulo, at pananakit ng katawan, alibadbad, pagsusuka, at kung minsan ay namamagang lymph glands o singaw ng balat sa dibdib, tiyan at likod. Ang mga sintomas ay pangkaraniwang tumatagal ng ilang araw. Kadalasan ay mayroong mga malulusog na tao na nahawaan at nagkasakit ng ilang lingo.

- **Walang Sintomas sa Karamihang Tao.** Humigit-kumulang na 80 porsiyento ng mga tao (apat sa limang tao) na nahawaan ng WNV ay hindi magpapakita ng anumang sintomas.

**Paano Kumakalat ang West Nile Virus?**

- **Mga Lamok na Nahawaan.** Pangkaraniwan, ang WNV ay kumakalat sa pamamagitan ng kagat ng lamok na nagdadala ng saki. Ang mga lamok ay nagkaroon ng WNV nang kumain sila mula sa mga nahawaang ibon. Ipapasa naman ng mga lamok na nahawaan ang WNV sa mga tao at ibang mga hayop kapag nakagat ang mga ito.

- **Pagsasalin ng Dugo, Transplant, at Pinapasa ng Ina-sa-Anak.** Sa iilang kaso, ang WNV ay kumakalat din sa pamamagitan ng pagsasalin ng dugo, organ transplant, pagpapasuso at maging sa pagdadalantao mula sa ina patungo sa anak.

- **Hindi sa pamamagitan ng pagsagi.** Ang WNV ay hindi ikinakalat sa pamamagitan ng pangkaraniwang kontak tulad ng pagsagi o paghalik sa isang taong may virus.

**Gaano Kadaling Maipeksyon ang mga Taong May Sakit?**

Ang mga tao ay pangkaraniwang nagkakaroon ng mga sintomas sa pagitan ng 3 at 14 araw pagkatapos na makagat sila ng nahawaang lamok.

**Paano Ginagamot ang Impeksyon ng WNV?**
Walang ispesipikong paggamot para sa impeksyon ng WNV. Sa mga kaso na may mga banayad na sintomas, ang mga tao ay nakakaranas ng sintomas tulad ng lagnat at pananakit na kusang lumilipas. Sa mas matitinding kaso, ang mga tao ay pangkaraniwang kailangang pumunta sa ospital kung saan makakatanggap sila ng suportang paggamot kabilang ang intravenous fluids, tulong sa paghinga at pag-aalaga ng isang nurse.|

**Ano ang Dapat Kong Gawin Kung sa Palagay Ko ay May WNV Ako?**
Ang banayad na sakit na WNV ay kusang gumagaling, at hindi kailangang magpagamot para sa impeksyong ito maliban kung gugustuhin nilang magpagamot. Kung magkaroon ka ng mga sintomas ng matinding sakit na WNV, tulad ng hindi pangkaraniwang matitinding sakit ng ulo o pagkalito, magpagamot kaagad. Ang matinding sakit na WNV ay pangkaraniwang nangangailangan ng pagpapaospital. Ang mga buntis at nagpapasusong ina ay hinihimok na kausapin ang kanilang doktor kung magkaroon sila ng mga sintomas na maaaring WNV.

**Ano ang Panganib na Magkaroon ng WNV?**

**Ang mga taong higit sa 50 ay puwedeng lmadalong magkasakit.** Ang mga taong higit sa edad na 50 ay mas malamang na magkaroon ng seryosong sintomas ng WNV kung magkasakit sila at dapat gumawa ng natatanging pag-iingat para maiwasan ang mga kagat ng lamok.

**Mas malaking panganib para sa mga taong madalas na nasa labas ng bahay.** Ang mga taong gumugugol ng maraming oras sa loabas ng bahay ay mas malamang na makagat ng isang nahawaang lamok. Dapat silang gumawa ng natatanging pag-iingat upang maiwasan ang mga kagat ng lamok kung sila ay gumugugol ng maraming oras sa labas ng bahay, dahilan sa pagtatrabaho o paglalaro.

**Ang panganib sa pamamagitan ng pamamaraang medical ay maliit**. Ang lahat ng mga dugo na binibigay na donasyon ay sinusuri or inieksamin bago ginagamit. Ang peligro na mahawaan ng WNV sa pamamagitan ng pagsasalin ng dugo at organ transplant ay namapakaliit at hindi dapat makapigil sa mga tao na kailangangang maopera. Kung mayroon kang mga inaalala, kausapin ang iyong dokton.

**Ang pagbubuntis at pagpapasuso ay hindi nagtataas ng panganib na maimpeksyon ng WNV.** Ang peligro na ang WNV ay malipat sa isang sanggol sa sinapupunan o sa isang maliit na bata ay kasalukuyan pang pinag-aaralan sa pamamagitan ng research. Kausapin mo ang iyong doctor kung mayroon kang inaalala.

**Ano ang Puwede Kong Gawin Upang Pigilan ang WNV?**
Ang pinakamadali at pinakamabuting paraan upang iwasan ang WNV ay iwasan na makagat ng lamok.

- Kapag ikaw ay nasa labas, gumamit ng insect repellents na naglalaman ng DEET (N, N-diethyl-meta-toluamide). Sundin ang mga tagubilin sa pakete.
- Maraming lamok na pinakaaktibo sa pagpasok ng dilim at madaling araw. Isaalang-alang ang pagtigil sa loob sa mga panahon o paggamit ng insect repellent at magsuot ng mahahabang manggas at pantalon. Ang mga damit na maliwanag ang kulay ay makakatulong sa iyo na makita ang mga lamok na napapagawi sa iyo.
- Siguraduhin na mayroon kang mahuhusay na screen sa iyong mga bintana at pinto upang hindi makapasok ang mga lamok.
- Alisin ang mga lugar na pinagbibinhian ng mga lamok sa pamamagitan ng pag-aalis ng tubig mula sa paso ng bulaklak, timba at bariles. Palitan ang tubig sa lalagyan ng inumin ng mga alagang hayop at palitan ang tubig sa paliguan ng ibon linggu-linggo. Butasan

ang mga gomang swing para lumabas ang tubig. Panatilihin ang wading pools ng mga bata na walang-laman at nakatagilid kapag hindi ginagamit ang mga ito.

**Ano ang Ginagawa ng CDC Tungkol sa WNV?**
Ang CDC ay nakikipag-ugnayan sa mga kagawaran ng kalusugan ng estado at lokal na kagawaran ng kalusugan, sa Food and Drug Administration at ibang mga ahensiya ng pamahalaan, gayon din sa pribadong industriya, upang maghanda at pigilan ang mga bagong kaso ng WNV.

Kabilang sa ilang bagay na ginagawa ng CDC ang:

- Pag-uugnay ng pambuong-bansang elektronikong tipunan ng impormasyon kung saan ang mga estado ay nagbabahagi ng impormasyon tungkol sa WNV
- Pagtulong sa mga estado na bumuo at magsakatuparan ng mas mahusay na mga programa sa pagpigil at pagkontrol ng lprograna
- Pagbuo ng mas mabuti, mas mabilis na mga iksamen upang matuklasan at masuri ang WNV
- Paglikha ng mga bagong kasangkapan at programa sa pagbibigay ng kaalaman para sa media, publiko, at mga propesyonal sa kalusugan
- Pagbubukas ng bagong mga laboratoryo ukol sa pagsusuri para sa WNV

**Ano Pa ang Dapat Kong Malaman?**
**Kung may nakita kang patay na ibon:** Huwag hahawakan ang ibon sa iyong kamay na walang guantes. Kontakin ang iyong lokal na kagawaran ng kalusugan para sa mga tagubilin tungkol sa pag-uulat at pag-aalis ng patay na ibon.